# Ayon kay Ali malugod si Allah sa kanya-nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( O mga Taong Qur-an,Magdasal kayo ng Witr,Sapagkat si Allah ay Witr,Naiibigan niya ang Witr)) Sunan Abe Dawud

Ayon kay Ali malugod si Allah sa kanya-nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( O mga Taong Qur-an,Magdasal kayo ng Witr,Sapagkat si Allah ay Witr,Naiibigan niya ang Witr))
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā’īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Sa pinakamamahal na Hadith,ipinag-utos sa mga pamilya ng Qur-an na sila ang mga pamilya ni Allah at pinili nito,na magdasal ng dasal na Witr,Sapagkat si Allah ay isa, nag-iisa siya sa pansarili nito at sa mga katangian nito at mga gawain nito,naiibigan niya ang Witr Napaka-maluwalhati Niya.Ang ipinapahiwatig sa mga pamilya ng Qur-an ,Ang kabuuang mananampalataya,sinuman ang nagbasa at sinuman ang hindi nagbabasa,At kung para sa mga taong nagbabasa ay mas-una na sinasabihan sa pagsasa-ulo nito At Nagsabi si Al-Khattabi:Ang ipinapahiwatig nito:Ang mga Mambabasa at ang mga Nakasa-ulo ng Qur-an,at pinili sila sa pagbanggit upang madagdagan ang Karangalan at pagpapahalaga sa kanila,Kaya`t marapat-dapat sa Pamilya ng Qur-an,ang pag-aalaga sa Witr,kahit ito ay hinihiling sa kabuuan ngunit ang Pamilya ng Qur-an ay may pribilehiyo sa iba ,Dahil sila ay modelo,at dahil sila ay nagtataglay ng kaalaman na siyang maghihikayat sa pagpaligsahan sa paggawa ng mga mabubuting-gawa at mga gawaing pagsamba,na wala sa mga iba,Kaya`t ang mga gawain sa karapatan nila ay sigurado.Ipinagkaloob ng Pinaka-maalam

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11271